


M2207

Posted on 27.02.2024 by Adam Parnell



Category: [General maritime](#)

Report Title Potensyal na nakamamatay na near miss: elevator maintenance

Initial Report

Ayon sa reporter, inutusan silang buksan ang pintuan ng elevator upang ang tagalinis ay maka-akyat sa taas ng elevator para maglinis.

Ipinaliwanag ng reporter sa tagalinis kung bakit hindi ito mangyayari at kung paano nila dapat planuhin ang trabahong ito. Nagbigay ang reporter ng flag state incident report na nagbibigay-diin sa naging malalang pinsala sa isang tripulante, na ginawa dito:

Isang senior engineer sa isang malaking yate ang naghahanda ng passenger lift para sa isang service technician upang magsagawa ng remedial work nito na pandekorasyon na mga takip sa lift shaft. Ang technician ay hindi konektado sa manufacturer ng lift o kahit sa alinmang lift servicing supplier at nakasakay lang sa barko upang gawin ang pandekorasyong takip sa lift

shaft.

Tinawag ng senior engineer ang lift car sa bridge deck at pumasok sa lift shaft papunta sa taas ng sasakyan sa pamamagitan ng manu-manong pagbukas ng pinto sa Sun Deck at tumapak sa tuktok ng sasakyan. Nang magsara na ang mga pinto ng lift sa sun deck, ang lift ay umakyat sa posisyon ng sun deck na umipit sa engineer sa pagitan ng tuktok ng sasakyan at tuktok ng elevator shaft. Ang engineer ay nagtamo ng malalang pinsala sa kaniyang binti at *ankle* at nawalan ng trabaho sa loob ng mahabang panahon.

Tiwala ang reporter na ang kaparehas na mga gawain ay nagaganap sa iba pang mga barko na may elevator at nais nito na ituon ang aming atensyon patungkol dito. Bagama't walang nangyaring masama sa kasong ito, may ilang mga insidente na kung saan may mga tao na naipit hanggang sa mamatay habang nagtrabaho sa taas ng elevator na hindi wastong naka-isolate.

Comment

Kinontak ng CHIRP ang Flag State upang malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa insidenteng ito. Agad naman nilang tinulungan ang CHIRP sa pamamagitan ng pagsasalaysay sa mga detalye na humantong sa matinding pinsala.

Ang gawaing ito ay kaparehas sa pagtrabaho sa itaas at kinakailangang tratuhin nang naaayon. Ang *permit to work* ay dapat bahagi ng proseso at bahagi ng risk assessment. Mahalagang maipatupad ang Lock Out – Tag Out – Try Out (LOTOTO) at kinakailangang maicross-checked bago gawin ang anumang gawain. Ang Try-Out para sa acronym ng LOTOTO ay isang ebolusyon ng orihinal na termino na nagpapakita ng mas pinalawig pa na safety enhancement para sa *hierarchy of controls*.

Ang ulat ay nagbibigay-diin na ang insidenteng ito ay nakakategorya bilang isang “optimising violation,” na kung saan ang engineer ay sumubok na gawing mas madali ang trabaho sa pamamagitan ng hindi lubusang paghihiwalay ng main power sa lift.

Para sa karamihang kumpanya, ang lift maintenance ay isinasagawa ng original equipment manufacturer (OEM). Subalit, ang barko ay laging may tungkulin sa pangangalaga upang matiyak na sakop ng shipboard safety controls ang maintenance contractor. Dapat itong mai-apply kahit na ang kontratista ay may sariling safety requirements.

Napansin ng CHIRP na ang engineer ay nagtrabaho mag-isa, kaya walang sinoman na makakapag-cross check o makaka-challenge ng alinmang hindi ligtas na gawain.

Dahil sa tumataas na bilang ng elevators na ginagamit sa commercial shipping, tinatanong ng CHIRP kung dapat bang may introductory safety maintenance training na i-offer sa lahat ng officers ng barko.

Key Issues

Kultura – Kakayanan para sa trabahong ito na mapabuti, dahil sa mataas na panganib na kaakibat ng lift operations.

Pagkakampante – Isang kaswal na ugali sa trabaho ang ipinakita, na kung saan marahil ay tinatanggap sa nakaraan bilang normal na kaugalian. Ang inyo bang SMS ay may pamamaraan para sa lift maintenance? Kung gayon, ang mga ito ba ay ipinaalam sa mga contractors na magtrabaho sa mga lift?

Capability- Mayroon bang introductory safety training courses para sa mga tauhan ng lift maintenance? Ito ay kadalasang ipinaubayang isagawa ng kwalipikadong lift technician mula sa lift manufacturers. Isinasama ninyo ba ang inyong lift manufacturer?

